

2026 PANGUNAHING HALALAN



Gabay sa Halalan

Clark County, NV

Maaari kang bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa Clark County.
Ang lahat ng mga lugar ng botohan ay maaari ring paghulugan ng mga koreong balota.

Mahamanap sa Loob ang mga Listahan ng mga Lugar para sa Maagang Botohan at mga Sentro ng Botohan sa Araw ng Halalan!

Maagang Pagboto

Mayo 23 - Hunyo 5, 2026

Ang mga petsa at oras ay nag-iiba ayon sa lokasyon.

Araw ng Halalan • Hunyo 9, 2026

Ang lahat ng mga lugar ng botohan ay bukas mula
7:00 n.u. hanggang 7:00 n.g.




**Clark County
Election Department**



Talaan ng Nilalaman

Pagpapaliwanag nang Bagong Proseso ng Pagboto sa Clark County	3
Paunawa.....	4-5
Impormasyon Tungkol sa Rehistrasyon at Halalan	6
Payo sa Pagboto ng Koreong Balota.....	7-8
Mahahalagang Petsa ng 2026 Pangunahing Halalan	9
Mahahalagang Petsa ng 2026 Pangkalahatang Halalan	10
Pangunahing Halalan Mga Lugar ng Maagang Botohan / Paghuhulugan ng Koreong Balota	11-16
Mapa ng Lugar ng Sentro ng Botohan / Mapa ng Pangmatagalang Lugar ng Maagang Botohan - Punitin sa Gitna	
Sentro ng Botohan / Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota.....	17-21
Mga Karagdagang Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota	22
Mga Instruksyon para sa Makina ng Pagboto.....	23
Makipag-Ugnayan sa Amin	24



Pagpapaliwanag nang Bagong Proseso ng Pagboto sa Clark County

Ang mga botante sa Clark County ay makakapansin nang isang panibagong hakbang para sa pagboto nang personal na pamamaraan magsisimula sa 2026. Ang pamamaraan ng pag check-in at makinang pagboto (ay tinatawag na ngayon na **kagamita'ng pangmarka sa pangboto**) ay mananatiling katulad pa rin nang nakaraang halalan. Ngunit sa ngayon, kapag ang botante ay gumawa nang pagpili, makakakuha sila nang **printout ng kanilang balota** upang tignan ang mga ibinoto bago ito ihulog sa mga bagong **makinang pangbilang**.

Ito ang mga bahagi ng binagong pamamaraan ng pagboto:


Panoorin dito ang video na nagpapaliwanag:*



HAKBANG

1

Papatunayan nang isang manggagawa sa halalan ang iyong impormasyon at bibigyan ka nang isang kard ng pagboto. Dalhin ang kard ng pagboto sa kagamita'ng pangmarka ng balota.



HAKBANG

2

Gamitin ang touchscreen upang gawin ang mga pagpili. Ipi-print ng makinang pangboto ang iyong mga napili sa papel na balota, na magbibigay sa iyo ng pagkakatao'ng suriin ang iyong mga napili bago gawin ang susunod na hakbang.



HAKBANG

3

Dalhin ang iyong naka-print na balota at kard ng pagboto sa makina ng pagbibilang. Ibigay ang kard ng pagboto sa isang manggagawa sa halalan at ihulog ang iyong papel na balota sa makina ng pagbibilang. Sa sandaling ito, opisyal nang itinatala ang iyong boto.

*Video: www.clarkcountynv.gov/government/departments/elections/tagalog/mga_serbisyo/new-voting-process

PAUNAWA

Mayroong Tulong na Makukuha sa Lahat ng Lugar ng Botohan: Humiling ng tulong sa kahit na sinumang manggagawa ng halalan kung kinakailangan mo ng tulong na basahin ang balota o sa paggamit ng makinang pang boto. Ang mga makatwirang kahilingan ay gagawin upang matulungan ang sinumang botante na humihiling ng tulong sa isang lugar ng botohan. (Ang abisong ito ay kinakailangan ayon sa NRS 293.565.)

Para sa mga Botanteng may Espesyal na Pangangailangan: Ang bawat lugar ng botohan ay mayroong makinang pangboto na maaaring ipakita ang balota sa malalaking font, nagpapahintulot ng audio na pagboto at sumosoporta sa teknolohiya na “sip and puff”.

ADA EASE: Ang mga residente ng Nevada na mayroong kapansanan ay maaaring markahan ang kanilang balota sa elektronikong pamamaraan sa pamamagitan ng pagpunta sa **www.NVEASE.gov**. Ang Nevada's effective Absentee System Election (EASE) ay isang online na aplikasyon na lubos na naiuugnay ang pagpaparehistro ng botante, paghahatid ng elektronikong balota at pagmamarka ng balota. Ang EASE ay nagbibigay daan sa higit na kalayaan at nagpapahintulot sa mga rehistradong botante na mayroong kapansanan na magparehistro, humiling, markahan at ibalik ang kanilang balota mula sa kaginhawaan ng kanilang sariling tahanan. Ang EASE ay magagamit para sa halalan na hindi bababa sa 46 na araw bago darating ang araw ng Halalan sa **www.NVEASE.gov**. Kapag ikaw ay mayroong tanong tungkol sa pagboto sa pamamaraan na ito, mangyari ay makipagugnayan sa Kalihim ng Estado ng Nevada, Taggapan ng Halalan sa (775) 684-5705.

Maaaring Hingan ka ng I.D. sa Lugar ng Botohan: Kung ang impormasyon na ibinigay mo sa iyong aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante ay hindi magka tugma sa impormasyon na nasa rekord ng Department of Motor Vehicles o sa Social Security Administration, kung ito ay kinakailangan, at hindi mo sinagot ang liham na ipinadala sa iyo na nagbibigay kaalaman tungkol sa pagkakaiba, kakailanganin mong magbigay ng I.D. sa oras na boboto ka. Kung hindi ka magbibigay ng I.D. ikaw ay maaaring bumoto ng pansamantalang balota lamang. Kapag ang salitang “Kinakailangan ng ID” sa address label ng iyong halimbawang balota ay nakapahiwatig ikaw ay kinakailangang magpakita ng I.D. sa oras ng iyong pagboto.

“Wala sa mga Kandidatong Ito:” Sa lahat ng mga labanan sa buong estado, maaari mong piliin ang “Wala sa mga kandidatong ito.” Pipiliin mo lamang ang “Wala sa mga kandidatong ito” kung hindi ka bumoto para sa alinmang kandidato sa naturang posisyon. (Ang paunawang ito ay kinakailangan ayon sa NRS 293.269(3).)

Walang Kandidatong Maaaring Isulat: Ang batas ng Nevada (NRS 293.270) ay hindi pinahihintulot ng batas ang gawain na isulat ang mga kandidato.

Mga Pinaikling Pangalan ng mga Partido: Demokratikong Partido-DEM, Republikanong Partido-REP, Hindi Partidista-NP.

BABALA

Ang Pagboto ng Mahigit sa Isang Beses sa Magkaparehong Halalan ay Isang Krimen

Ang tao ay hindi dapat bumoto o magtangkang bumoto ng mahigit sa isang beses sa magkaparehong halalan. Ang sinumang tao na bumoto o magtangkang bumoto ng dalawang beses sa magkaparehong halalan ay nagkasala sa kategoryang D isang mabigat na pagkakasala at dapat parusahan katulad ng nakatakda sa NRS 193.130. *(Ang pagpapahayag ng babalang ito ay kinakailangan ayon sa NRS 293.780)*

PAGBABAGO NG IYONG PAGPAPAREHISTRO

Maaari mo na ngayong baguhin ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro ng botante online kung mayroon kang lisensya ng pagmamaneho sa Nevada o pagkakakilanlan (ID) na inisyu ng DMV sa Nevada. Pumunta lamang sa **RegisterToVote.NV.gov** at baguhin ang iyong address ng tirahan kung hindi ka na nakatira sa address na iywong inirehistro o nais mong baguhin ang iyong partidong pampulitika. Ang mga karapat-dapat na mamamayan na hindi nakarehistro ay maaari nang magparehistro online kung mayroon silang lisensya ng pagmamaneho sa Nevada o pagkakakilanlan (ID) ng inisyu ng DMV sa Nevada.

IMPORMASYON SA WIKA

Noong Oktubre 2021, ang Clark County ay inabisuhan ng Civil Rights Division Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos na alinsunod sa Seksyon 203 ng Batas sa Karapatan ng Pagboto, ang lahat na mga darating na halalan sa Clark County ay dapat ipagpatuloy na isagawa sa Ingles, Filipino, at Espanyol. Kung nais mong matanggap ang inyong mga materyales ng pagboto sa darating na halalan sa Filipino o Espanyol, makipag-ugnayan sa amin sa (702) 455-VOTE (8683), (702) 455-7846 (Espanyol), (702) 455-7871 (Filipino), o elinfo@ClarkCountyNV.gov.

MGA ELEKTRONIKONG HALIMBAWANG BALOTA

Maaari mong matanggap ang iyong halimbawang balota sa pamamagitan ng e-mail sa halip na sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo. Alinsunod sa batas ng Nevada, ang iyong e-mail address ay pananatiliing KUMPIDENSIAL at hindi ito maaaring ibigay sa mga ikatlong partido. Magsign-up ngayon sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote**.

IMPORMASYON TUNGKOL SA REHISTRASYON AT HALALAN

Magparehistro o I-update ang Iyong Rehistrasyon: Ang Pagboto ay magiging mas madali at mas mabilis kung ikaw ay kaagad-agad na magparehistro o baguhin ang iyong kasalukuyang pagka rehistro. Kung kinakailangan mong magpa rehistro upang bumoto o dapat mong baguhin ang iyong kasalukuyang pagka rehistro, maaari mong gawin ito online sa: **RegistertoVote.NV.gov**. Maaari ka ring tumawag sa **(702) 455-7871, (702) 455-8683 (Ingles)**, o sa **ELinfo@ClarkCountyNV.gov** para humiling ng form na kinakailangan.

Maaari mo ring tingnan ang iyong rehistrasyon online para siguraduhin na ito ay tama at ito ang pinaka bagong impormasyon mag log in sa Registered Voter Services sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote**. Piliin ang pahina ng Mga Serbisyo Sa Mga Rehistradong Botante kung saan mo makikita ang mga detalye tungkol sa iyong pagkarehistro, kabilang ang iyong address, politikal na partido at katayuan ng iyong pagkarehistro. Kung ang iyong katayuan ay nagpapakitang hindi Aktibo, ito ay maaaring sa kadahilanan na mayroong isyu sa pagpapatunay ng iyong address. I-update ang iyong address sa pamamagitan nang pagpunta sa Nevada Secretary of State website sa **RegistertoVote.NV.gov**.

Ang magkaparehong-araw sa pagpaparehistro at pag update ng umiiral na rehistrasyon ay maaaring gawin online sa **RegistertoVote.NV.gov** o nang personal o kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa mga lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Ang mga bagong rehistradong botante ay dapat magbigay ng hindi expired na identipikasyon (ID) na mayroong kasalukuyang Clark County na address ng tirahan. Ang ID ay dapat Nevada Driver's License, Nevada State ID Card, Nevada DMV Interim Document, o Nevada Tribal ID.

Kung hindi nakikita sa ID ang iyong kasalukuyang address, kung gayon ikaw ay dapat magbigay ng karagdagang dokumento para patunayan ang iyong legal na paninirahan (POR) dapat kasama ang iyong pangalan at ang umiiral na Clark County na address ng iyong tirahan, kagaya ng:

- Utility bill, statement ng banko, o paycheck (ang petsa ay dapat sa loob ng huling 60 araw)
- Rehistrasyon ng Sasakyan
- Mortgage, rental, lease, o statement ng buwis sa ari-arian
- Dokumento na ibinigay ng ahensya sa gobyerno
- Pansamantalang ID na nang galing sa Department of Corrections o sa ibang sangay ng NV State Agency (dapat mayroong litrato)
- Kagawaran ng Halalan na Pagpapatunay sa Pagkawala ng Tirahan

Kahilingan sa Pagiging Lihim ng Impormasyon: Maaari kang humiling na ang iyong address at telepono sa iyong rehistrasyon ng pagboto ay ilihim sa publiko (NRS 293.558) Mag Log in sa Registered Voter Services sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote** Pumunta sa pahina ng Mga Serbiyo ng Mga Rehistradong Botante at piliin ang Gawin ang aking Address at Telepono na Kumpidensyal sa Drop-down menu para tapusin, i-print at pirmahan ang form at ipadala ito sa pamamagitan ng koreo. Maaaring maki pagugnayan sa amin sa **(702) 455-7871, (702) 455-8683 (Ingles)**, o sa **ELinfo@ClarkCountyNV.gov** upang humiling ng form.

Saradong Pangunahing Halalan ng Nevada: Ang Nevada ay isang saradong estado sa Pangunahing Halalan, ang ibig sabihin ay sa kapanahunan ng Pangunahing Halalan, maaari ka lamang bumoto sa mga kandidato sa iyong politikal na partidong kinabibilangan sa iyong pagpaparehistro ng botante.

Halimbawa, ang mga rehistradong Demokratikong botante ay tutulong na magpasya kung sino sa mga Demokratikong kandidato ang mapupunta sa Pangkalahatang Halalan. Ang mga rehistradong Republikanong botante ay tutulong na magpasya kung sino sa mga Republikanong kandidato ang susulong at kakatawan sa kanilang partido.

Kung ikaw ay rehistradong walang kapanig o sa isang maliit na partidong pampulitika, hindi mo makikita ang mga partidistang labanan para sa partidong Demokratiko o Republikano na kandidato sa iyong balota. Gayunpaman, maaari ka pa ring bumoto sa mga walang kapanig na labanan, katulad ng mga taggapang panghukuman, at mga tanong sa balota. (NRS 293.257)

Pangkalahatang Halalan ng Nevada: Sa Pangkalahatang Halalan, maaari kang bumoto sa kahit na sinumang kandidato sa iyong presinto kahit anuman ang iyong kinabibilangang partido.

PAYO SA PAGBOTO NG KOREONG BALOTA

Ang Lahat ng Aktibong Rehistradong Botante Ay Papadalhan ng Koreong Balota: Ang Kagawaran ng Halalan ay magpapadala sa lahat ng aktibong bontante ng isang koreong balota para sa Hunyo 9, 2026, Pangunahing Halalan (maliban nalang kung sila ay nag-opt out sa pagboto sa pamamagitan ng koreong balota sa o mahigit sa 60 araw bago dumating ang Araw ng Halalan). Kung hindi mo natanggap ang pakete ng iyong koreong balota bago sumapit ang Mayo 22, 2026 at nais mong bumoto sa pamamagitan ng koreo, makipag-ugnayan kaagad sa amin sa: **(702) 455-7871 o (702) 455-VOTE (8683) (Ingles);** o **MailBallotRequest@ClarkCountyNV.gov.**

MAHALAGA: - Sa Lalong Madaling Panahon, Ibalik ang Iyong Ibinotong Balota na Nakalagay sa Loob ng Iyong Pinirmahang Kagawaran ng Halalang Sobre na Ibabalik para sa Koreong Balota:

Huwag maghintay hanggang sa huling sandali para ibalik ang iyong ibinotong koreong balota. Kaagad-agad na ipadala sa mail o ihulog mo ito sa isa sa mga maginhawang lugar na hulugan ng balota ng Kagawaran ng Halalan.

Ang Postmark at Huling Araw na Dapat Matanggap ang Koreong Balota para sa Hunyo 9, 2026, Pangunahing Halalan:

- Ang ibinotong koreong balota ay kailangang ibalik sa postage-paid na sobrang ibinigay ng Kagawaran ng Halalan, dapat mong pirmahan; at
- Naka postmarked sa o bago dumating ang Martes, Araw ng Halalan, Hunyo 9, 2026 at
- Ang mga sobrang ibabalik na naka postmarked sa o bago dumating ang Hunyo 9, 2026 ay dapat na matanggap ng Kagawaran ng Halalan na hindi lalagpas sa 5nh sa ika-apat na araw kasunod ng Araw ng Halalan.

Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota: Ang buong listahan ng mga lugar na hulugan ng koreong balota mula Sabado, Mayo 16, hanggang Martes, Araw ng Halalan, Hunyo 9, 2026 ay makikita sa pakete ng iyong koreong balota, sa halimbawang balotang ito, at sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote.** Ang mga petsa at oras ay magka kaiba depende sa lokasyon. Maaari mong ihulog ang iyong ibinotong koreong balota (dapat na nakalagay sa loob ng iyong pinirmahang sobrang ibabalik na ibinigay ng Kagawaran ng Halalan) sa kahit na saang partikular na lugar na iyong napili sa mga petsa at oras na ipinahiwatig

- Ang ilang tanggapan ng gobyerno ay magsisilbi'ng bilang mga lugar na hulugan ng koreong balota na magsisimula sa Mayo 16 hanggang Hunyo 9, 2026.
- Ang lahat ng Maagang Lugar ng Botohan ay magsisilbi rin bilang lugar na hulugan ng koreong balota mula Mayo 23 hanggang Hunyo 9, 2026.
- Lahat ng Sentro ng Botohan sa Araw ng Halalan ay magsisilbi rin na lugar na hulugan ng koreong balota sa Martes, Hunyo 9, 2026.

Ang Pagtulong sa Isang Botante: Kung ikaw ay tutulong sa isang botante na walang kakayahang lumagda sa kanyang koreong balotang sobrang ibabalik o markahan ang kanyang balota, dapat na Sagutin mo ang Pag Tulong na Bahagi ng sobre at ibigay ang iyong pangalan, address at pirmahan, sang-ayon sa batas.

Makipag-ugnayan Kaagad sa Amin Kung Ikaw ay May Mga Tanong:

- Telepono: (702) 455-7871 (Filipino) o (702) 455 VOTE (8683)
- E-Mail: MailBallotRequest@ClarkCountyNV.gov

PAYO SA PAGBOTO NG KOREONG BALOTA

Ang bahaging ito ay kinakailangan lamang kung ang isang botante ay tinulungan. Maaaring tulungan ang isang botante ayon lamang sa kanyang kahilingan kung ang botante ay 1) na mayroong kapansanan, 2) 65 taong gulang pataas o 3) hindi marunong magbasa at magsulat. Kung ikaw ang magmamarka ng balota o pipirma ng sobre sa ngalan ng botante, dapat mong ipaalam sa tabi ng iyong pirma na ikaw ang gumawa sa ngalan ng botante. Kung tutulungan mo ang isang botante sa pagmamarka ng balota at sa pagpirma sa sobre ng balota, dapat ilagay ang pangalan, tirahan, at pirma ng botante o ng taong tumutulong.

Isulat ang Pangalan ng Taong Nagbibigay ng Tulong

Pirma ng Taong Nagbibigay ng Tulong

Direksiyon ng Tirahan ng Taong Nagbibigay ng Tulong

Ang balota na ito ay minarkahan at ang sobre ay pinirmahan sa ngalan ng botante.

Ang pagkabisang pirmahan ang sobrang ito ay magreresulta sa pakikipag-ugnayan sa iyo ng opisyal ng halalan para sa karagdagang impormasyon upang ikaw ay makaboto.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na: Ako ay residente ng Clark County; Ako ang tao na makikita ang pangalan sa sobrang ito; Hindi ako bumoto ng ibang balota mula sa ibang hurisdiksyon para sa halalan na ito.

Botante, pirmahan ang loob ng pulang kahon sa ibaba ng may tinta. Hindi tatanggapin ang kapangyarihan ng abugado legal.

Louis E. Palm

14486-1 IS 11/05/2024 7562 123456 B-1240000

LOUIS E. PALM
3050 72ND ST
LAS VEGAS NV 89101

Don't Lose Your Voice
Vote!

Paano makikipag-ugnayan sa iyo ang mga Opisyal ng Halalan para sa mga katanungan?
Magbigay ng numero ng telepono o email
(opsyonal at para sa opisyal na paggamit ng halalan lamang)

|||||

Gamitin Lamang ang Ibinigay ng Kagawaran ng Halalan na Sobrang Ibabalik para sa Koreong Balota: Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre na ibinigay ng Kagawaran ng Halalan para ibalik ang iyong koreong balota na naka printa ang iyong pangalan at address (isinama sa pakete ng iyong koreong balota) at nais mong bumoto sa pamamagitan ng koreo, tumawag KAAGAD sa (702) 455-7871 o (702) 455-8683 (Ingles) para sa impormasyon ng kapalit na sobre. Maaaring makakuha ng sobre sa kahit na saang lugar ng Maagang Botohan at sa mga Sentro ng Botohan sa Araw ng Halalan.

Pirmahan ang Labas ng Iyong Sobre: Kung ipapadala sa koreo o ihuhulog mo nang personal ang iyong ibinotong koreong balota, kailangan mong pirmahan ang labas ng iyong sobrang ibabalik sa Kagawaran ng Halalan sa bahagi na inilaan para sa iyong pirma. Kapag hindi mo napirmahan ito ay magdudulot ng pakikipag-ugnayan sa iyo ng isang opisyal ng halalan sa county para sa karagdagang impormasyon. **MAHALAGA: Ang iyong lagda ay ikukumpara sa pirma na nasa rekord sa pagpaparehistro ng botante.**

Ilagay lamang ang Iyong Balota sa Iyong Sariling Sobrang Ibabalik: Huwag ilagay ang balota ng ibang tao sa iyong sobre na ibinigay ng Kagawaran ng Halalan para ibalik ang iyong koreong balota. Kung may laman ito na mas maraming balota kaysa sa sarili mong balota, maaari kang mailagay sa alanganin na ang lahat ng balotang magkakasama sa isang sobre ay hindi isasali sa bilangan.

Malinaw na Markahan ang iyong Balota alinsunod sa Instruksyon: Sundin ang mga instruksyon na nasa pakete ng iyong koreong balota na malinaw mong markahan ang iyong mga pinili gamit ang bolpen na mayroong itim o asul na tinta para siguraduhin na ang iyong balota ay isasama sa bilangan.

- Iwasan ang mga hindi sinasadyang marka at pagpunit ng balota.
- Huwag ilagay ang "I Voted" sticker sa iyong balota.
- Huwag pirmahan ang mismong balota.
- Upang itama ang isang mali, sundin ang mga instruksyon na ibinigay sa pakete ng iyong koreong balota. Huwag maglagay ng "X" sa ibabaw ng pangalan ng kandidato o tanong sa balota na iyong pinili.

Panglihim ng Balota: Ang isang lalagyan na panglihim ng balota ay isinama sa iyong pakete para gamitin na ilakip ang iyong ibinotong koreong balota bago mo ilagay ito sa loob ng sobrang ibabalik na ibinigay sa iyo ng Kagawaran ng Halalan. Gayunpaman, ang pag gamit ng panglihim ng balota na lalagyan ay opsyonal. Ang Iyong ibinotong koreong balota ay hindi tatanggihan dahil hindi mo ginamit ang lalagyan para sa panglihim ng balota.

Mahahalagang Petsa para sa 2026 na Halalan, Clark County, NV
(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari o kalagayan)

2026 PANGUNAHING HALALAN

PETSA	ARAW	PANGYAYARI
5/12/26	Mar	Pagsasara ng Pangkaraniwang Pagpaparehistro (pamamagitan ng Koreo at nang personal): Huling araw upang magparehistro para bumoto o para i-update ang iyong pangkasalukuyang rehistrasyon na hindi kinakailangang gawin sa website ng Kalihim ng Estado o sa pamamagitan ng magkaparehong-araw ng pagpaparehistro.
5/13/26 hanggang 5/26/26	Miy hanggang Mar	Online LAMANG Palugit ng Pagpaparehistro at Pag-update ("OLR" Period), Clark County: Sa panahong ito maaari kang magpa rehistro upang bumoto o i-update ang iyong pangkasalukuyang pagkarehistro sa online na pamamaraan LAMANG sa Kalihim ng Estadong website sa RegistertoVote.NV.gov . Ikaw ay awtomatikong papadalhan ng koreong balota. Mayroon ka ring opsyon na bumoto ng pangkaraniwang balota sa pamamagitan nang personal; (sa halip na koreo) at sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa sentro ng botohan sa Araw ng Halalan. MAHALAGA: Kapag ikaw ay nagparehistro o nag update ng iyong kasalukuyang rehistrasyon online o nang personal sa o pagkatapos ng 5/27/26, para sa kasalukuyang halalan maaari ka lamang bumoto nang personal sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa Araw ng Halalan na sentro ng botohan bilang bahagi ng magkaparehong- araw ng pagpaparehistro at pag update na pamamaraan. Hindi ka maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo. Sa karagdagan, ang mga bagong nagparehistro ay maaaring bumoto lamang ng pansamantalang balota.
5/20/26	Miy	Huling araw para ang isang botante ay magparehistro o mag-update ng pagpaparehistro at makakatanggap ng Halimbawang Balota: Ang mga botante na nagparehistro o nag-update nang kanilang umiiral na rehistrasyon pagkatapos ng petsa na ito ay hindi awtomatikong makakatanggap ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan.
5/23/26 hanggang 6/5/26	Sab hanggang Biy	Maagang Pagboto, Magkaparehong-Araw ng Pagpaparehistro nang Personal (SDRI, Pansamantalang Balota Lamang), at Magkaparehong- Araw ng Pagpaparehistro at pag Update sa umiiral na pagpaparehistro (SDRU) nang Personal (14 araw): Ang kahit na sinong Clark County na rehistradong botante (kasama na rin ang mga nakatanggap ng koreong balota at nina nais bumoto nang personal) ay maaaring bumoto sa lugar ng maagang botohan sa loob ng County. Ang mga oras at araw ng bawat lugar ay maaaring magkakaiba.
5/27/26 hanggang 6/9/26	Miy hanggang Mar	Magkaparehong-Araw ng Pagpaparehistro Online (SDRO) at pag- Update (14 araw), Maaaring bumoto nang Personal: Magparehistro upang bumoto o i-update ang iyong pangkasalukuyang pagkarehistro online, sa website ng Kalihin ng estado LAMANG sa RegistertoVote.NV.gov HINDI ka awtomatikong papadalhan ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan para sa bago o sa updated na pagpaparehistro, at HINDI ka maaaring bumoto sa pamamagitan nang koreo. Maaari ka lamang bumoto nang personal at sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa Lugar ng Botohan sa Araw ng Halalan na iyong pinili. Sa karagdagan, ang bagong nagparehistro ay maaaring bumoto ng pansamantalang balota lamang.
6/9/26	Mar	ARAW NG PANGUNAHING HALALAN, 7NU-7NG Ang kahit na sinong rehistradong botante ng Clark County (kasama na rin ang mga nakataggap ng koreong balota at nina nais na bumoto nang personal) ay maaaring bumoto sa kahit na saang Lugar ng botohan sa Araw ng Halalan sa loob ng County.


2026 PANGKALAHATANG HALALAN

PETSAS	ARAW	PANGYAYARI
10/6/26	Mar	Pagsasara ng Pangkaraniwang Pagpaparehistro (pamamagitan ng Koreo at nang personal): Huling araw upang magparehistro para bumoto o para i-update ang iyong pangkasalukuyang rehistrasyon na hindi kinakailangang gawin sa website ng Kalihim ng Estado o sa pamamagitan ng magkaparehong-araw ng pagpaparehistro.
10/7/26 hanggang 10/20/26	Miy hanggang Mar	<p>Online LAMANG Palugit ng Pagpaparehistro at Pag-update ("OLR" Period), Clark County: Sa panahong ito maaari kang magpa rehistro upang bumoto o i-update ang iyong pangkasalukuyang pagkarehistro sa online na pamamaraan LAMANG sa Kalihim ng Estadong website sa RegistertoVote.NV.gov.</p> <p>Ikaw ay awtomatikong papadalhan ng koreong balota. Mayroon ka ring opsyon na bumoto ng pangkaraniwang balota sa pamamagitan nang personal; (sa halip na koreo) at sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa sentro ng botohan sa Araw ng Halalan.</p> <p>MAHALAGA: Kapag ikaw ay nagparehistro o nag update ng iyong kasalukuyang rehistrasyon online o nang personal sa o pagkatapos ng 10/21/26, para sa kasalukuyang halalan maaari ka lamang bumoto nang personal sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa Araw ng Halalan na sentro ng botohan bilang bahagi ng magkaparehong- araw ng pagpaparehistro at pag update na pamamaraan. Hindi ka maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo. Sa karagdagan, ang mga bagong nagparehistro ay maaaring bumoto lamang ng pansamantalang balota.</p>
10/14/26	Miy	Huling araw para ang isang botante ay magparehistro o mag-update ng pagpaparehistro at makatanggap ng Halimbawang Balota: Ang mga botante na nagparehistro o nag-update nang kanilang umiiral na rehistrasyon pagkatapos ng petsa na ito ay hindi awtomatikong makatanggap ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan.
10/17/26 hanggang 10/30/26 Nevada Day Holiday	Sab hanggang Biy	Maagang Pagboto, Magkaparehong-Araw ng Pagpaparehistro nang Personal (SDRI, Pansamantalang Balota Lamang), at Magkaparehong- Araw ng Pagpaparehistro at pag Update sa umiiral na pagpaparehistro (SDRU) nang Personal (14 araw): Ang kahit na sinong Clark County na rehistradong botante (kasama na rin ang mga nakatanggap ng koreong balota at nina nais bumoto nang personal) ay maaaring bumoto sa lugar ng maagang botohan sa loob ng County. Ang mga oras at araw ng bawat lugar ay maaaring magkakaiba.
10/21/26 hanggang 11/3/26	Miy hanggang Mar	<p>Magkaparehong-Araw ng Pagpaparehistro Online (SDRO) at pag- Update (14 araw), Maaaring bumoto nang Personal: Magparehistro upang bumoto o i-update ang iyong pangkasalukuyang pagkarehistro online, sa website ng Kalihin ng estado LAMANG sa RegistertoVote.NV.gov</p> <p>HINDI ka awtomatikong papadalhan ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan para sa bago o sa updated na pagpaparehistro, at HINDI ka maaaring bumoto sa pamamagitan nang koreo. Maaari ka lamang bumoto nang personal at sa kahit na saang lugar ng maagang botohan o sa Lugar ng Botohan sa Araw ng Halalan na iyong pinili. Sa karagdagan, ang bagong nagparehistro ay maaaring bumoto ng pansamantalang balota lamang.</p>
11/3/26	Mar	<p>PANGKALAHATANG HALALAN, 7NU-7NG</p> <p>Ang kahit na sinong rehistradong botante ng Clark County (kasama na rin ang mga nakataggap ng koreong balota at nina nais na bumoto nang personal) ay maaaring bumoto sa kahit na saang Lugar ng botohan sa Araw ng Halalan sa loob ng County.</p>

2026
Pangunahing Halalan
Maagang Pagboto
Mga Pangmatagalang
Lugar ng Botohan
Mayo 23-Hunyo 5

Ang impormasyong ito ay para sa layuni'ng pagpapakita lamang. Walang pananaguta'ng ipinapalagay bilang sa ganap na kawastuhan ng impormasyon na inilarawan dito.

Ang mga hindi inaasahang pangyayari o kalagayan ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa mga lokasyon ng maagang botohan o oras ng operasyon. Para sa mga pagbabago, tingnan ang aming website sa www.ClarkCountyNV.gov/vote o tumawag (702) 455-7871 o (702) 455-8683 (Ingles).



**Pangunahing Halalan Mga Lugar ng Maagang Botohan / Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota
 Mayo 23 (Sabado) hanggang Hunyo 5 (Biyernes), 2026**

Ang lahat ng mga lugar ng maagang botohan ay maaari din na pag huhulugan ng koreong balota sa kapanahunan ng mga naka listang petsa at oras.

Ang mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa lugar ng maagang botohan o sa oras ng pamamalakad, tingnan ang mga pagbabago sa aming website sa www.ClarkCountyNV.gov/vote o tumawag sa (702) 455-Vote (8683) O (702) 455-7871 (Filipino)

Ang rehistradong botante ng Clark County ay maaaring bumoto nang personal sa kahit na saang lugar ng Maagang Botohan o sa Araw ng Halala'ng Sentro ng Botohan sa halip na sa pamamagitan ng koreo.

Maaari mo ring ihulog ang iyong ibinotong koreong balota sa kahit na saang Lugar ng Maagang Botohan **sa kapanahunan ng mga nakatakdang petsa at oras na nakalagay sa Iskedyul.** Tingnan ang listahan para sa "Kagawaran ng Halalan at Lungsod ng Klerk para sa mga Lugar ng hulugan" para sa mga ibat ibang opsyon ng paghuhulog. Kinakailangan mong pirmahan ang labas ng iyong Kagawaran ng Halala'ng sobrang ibabalik, na nakikita ang iyong pangalan at address, ilagay at isara ang iyong ibinotong balota sa loob ng sarili mong sobrang ibabalik bago mo ito ihulog sa drop box. Huwag mong pagsamahing ilagay ang iyong balota at ang balota ng ibang botante sa i-isang sobrang ibabalik.

Kung napagpasyahan mong bumoto nang personal sa halip na sa pamamagitan ng koreo, kinakailangan mo ang mga sumusunod:

- **Kung dala mo ang iyong koreong balota**, ibalik ito sa pakete'ng ipinadala sa iyo sa isang opisyal ng halalan sa lugar ng botohan.
- **Kung hindi mo dinala ang iyong balota ngunit natanggap mo ito sa koreo**, ikaw ay pipirma ng pagpapatunay sa sentro ng botohan na ikaw ay sumusumpa na hindi ka pa bumoboto sa kasalukuyang halalan at naiintindihan mo na walang sinuman ang maaaring magtangkang bumoto o aktwal na bumoto ng mahigit sa isang beses sa magkaparehong halalan.

Mga Pang Matagalang Lugar ng Botohan/Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota, Mayo 23 hanggang Hunyo 5, 2026

Mga Pangmatagalang Lugar ng Maagang Botohan / Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota / Direksiyon / Mga Kalapit na Kalye	Mga Petsa / Oras
Arroyo Market Square, TENT NG KAGANAPAN Paradahan Malapit sa The Men's Wearhouse 7225 Arroyo Crossing Pkwy., Malapit sa CC-215 / S. Rainbow Blvd.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng
Blue Diamond Crossing, TENT NG KAGANAPAN Paradahan Gitna ng Target at Kohl's 4100 Blue Diamond Rd. / Hinson St.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng
Cambridge Recreation Center 3930 Cambridge St., Gitna ng E. Flamingo Rd. at E. Katie Ave.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-6ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-7ng
Craig Ranch Regional Park, TENT NG KAGANAPAN Paradahan sa Bandang East ng Revere St. Pumasok sa W. Craig Rd.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng

Mga Pangmatagalang Lugar ng Maagang Botohan / Mga Lugar na Paghuhulugan ng Koreong Balota / Direksiyon / Mga Kalapit na Kalye	Mga Petsa / Oras
Desert Breeze Community Center 8275 Spring Mountain Rd. / S. Cimarron Rd.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng
Downtown Summerlin, TENT NG KAGANAPAN Paradahan sa Bandang East ng S. Pavilion Center Dr. Pumasok sa S. Spruce Goose St., South ng Marketwalk Pl.	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng
Galleria at Sunset Kohl's Court, Unang Palapag 1300 W. Sunset Rd., East ng N. Stephanie St.	Mayo 23 (Sab.) 11nu-8ng Mayo 24 at Mayo 31 (Lin.) 11nu-6ng Mayo 25 (Memorial Day) 10nu-6ng Mayo 26-30 (Mar.-Sab.)..... 11nu-7ng Hunyo 1-4 (Lun.-Huw.) 11nu-7ng Hunyo 5 (Biy.)..... 11nu-8ng
Henderson City Hall 240 S. Water St. / W. Basic Rd.	Mayo 23 at Mayo 30 (Sab.).....8nu-5nh Mayo 24 at Mayo 31 (Lin.)9nu-2nh Mayo 25 (Lun., Memorial Day)..... SARADO Mayo 26-29 (Mar.-Biy.).....8nu-5nh Hunyo 1-5 (Lun.-Biy.)8nu-5nh
Ikea, TENT NG KAGANAPAN, Paradahan 6500 Ikea Way, Malapit sa S. Durango Dr. at Rafael Rivera Way	Mayo 23-Hunyo 4 (Sab.-Huw.).....9nu-7ng Hunyo 5 (Biy.).....9nu-8ng
